Office Address:
4/F, Erythrina Bldg., Matatag cor.
Maaralin Streets
Bgy. Central, Quezon City,
PHILIPPINES
Telefax 435-6930

Email: pid_bayan@yahoo.com
Website: www.bayan.ph

BAGONG ALYANSANG MAKABAYAN

Walang pababago sa ilalim ng papet, pahirap, at inutil na rehimeng US-Aquino

Hunyo 2011

Pambungad

Isang taon na mula nang maluklok sa poder si Pangulong Benigno S. Aquino III. Isang taon na mula nang buong pagmamalaki nitong ibinida na “magwawakas na ang pamumunong manhid sa mga daing ng taumbayan”. Tinawag niyang “boss” ang mamamayang Pilipino. Pwede na raw mangarap muli.

Pero mabilis pa sa mamamahaling Porsche at bala ng mga paboritong baril ng binatang asendero sa Malacañang ang paglitaw ng katotohanan. Sa isang iglap, naging bangungot ang pangarap para sa mga manggagawang pinagkaitan ng makabuluhang sahod at trabaho; sa mga magsasaka at manggagawang bukid na inagawan ng lupa; sa mga maralitang lunsod na winasak ang mga tahanan; sa pamilya ng mga *overseas Filipino workers* (OFWs) na umuwing bangkay o kaya’y nalagay sa peligro ang buhay; sa mga kabahayang hindi na magkandaugaga sa walang humpay na pagtaas ng presyo’t bayarin.

Samantala, tuloy ang paglabag sa mga karapatang pantao kabilang ang pagpatay, pagdukot, at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso. Sa kabila ng maingay na kampanya laban sa korapsyon, wala pa itong naisasampa ni isang kaso laban kay Gloria Arroyo.

Sunud-sunuran pa rin sa US ang gobyerno ng Pilipinas. Pinatindi pa ang pagbebenta ng bansa sa dayuhang interes.

Nag-aaway-away ang mga paksyon sa loob ng administrasyon. Talamak ang pusisyunan ng tinatawag na “Kabarkada, Kaklase at Kabarilan” (KKK) ni Aquino sa gobyerno. Sa lahat ng sarbey, nakikitang pababa ang bilang ng nagtitiwala kay Aquino. Patuloy na naghahangad ng pagbabago ang mamamayan.

Ano ang sitwasyon ng ekonomya?

Nananatiling atrasado at lalong papalubog sa krisis ang ekonomya ng Pilipinas. Hungkag at walang laman ang dating ipinagmamalaking paglago ng *gross domestic product* (GDP). Tumutukoy ang GDP sa kabuuang produksyon ng lahat ng sektor ng ekonomya. Nitong unang kwarto ng 2011, lubhang bumagal ang paglago ng GDP sa 4.9% mula 7.6% sa kabuuan ng 2010.[i] Pinatunayan nito na artipisyal lamang ang mabilis na paglago noong isang taon na tinulak ng magastos na eleksyon.

Bansot ang ekonomya dahil lubha itong umaasa sa pag-eeksport at dayuhang pamumuhunan. Bulnerable ito sa krisis ng ekonomya ng buong mundo, gaya ng nagaganap mula 2008. Mula nang taong iyon, bumagal sa 4% ang taunang paglago ng eksport habang bumagsak naman nang halos 11% kada taon ang dayuhang pamumuhunan.[ii] Maging ang remitans ng mga OFW na mula dekada sitenta’y nagsilbing salbabida ng papalubog na ekonomya ay bumagal din ang paglago, halos 7% na lang mula sa dating 14% bago ang resesyon.[iii]

Ang dapat sanang pundasyon ng pag-unlad ng bansa ay winasak na o kaya’y binansot ng mga depektibo at makadayuhang patakaran sa ekonomya. Dahil sa liberalisasyon ng agrikultura at kawalan ng tunay na repormang agraryo, paliit nang paliit ang bahagi sa GDP ng agrikultura – mula sa dating 26% (1980), nasa 14% (2011) na lang ito. Dahil din sa pagbaha ng import, lumiliit ang bahaging naiaambag sa GDP ng pagmamanupaktura – mula 25% patungong 22%.

Kulang na kulang ang trabahong nalilikha ng ekonomya para sa lumalaking bilang ng mga manggagawa. Sa pinakahuling sarbey ng SWS, 11.3 milyon ang walang trabaho o lampas 27% ng *labor force*.[iv]

Kaya naman papalaking bilang ng mga manggagawa ang napipilitang lumabas ng bansa. Lampas isang milyong Pilipino na ang nag-aabrod kada taon para magtrabaho. Katakut-takot na pasakit naman ang kapalit nito para sa mga migrante at kanilang pamilya. Ngayong taon, binitay ang tatlong Pilipino sa China na inakusahang *drug mules*. Nasa 122 OFWs pa ang nasa *death row* ayon sa MIGRANTE bukod sa may 7,000 nakakulong sa iba't ibang bansa. Madaming OFW mula Libya, Yemen at iba pang lugar na may labanan ang nais umuwi pero di mailikas ng gobyerno.

Ano ang kalagayan ng mamamayan?

Ang mamamayan ngayon ay hikahos at lubog sa kahirapan. Milyun-milyong Pilipino ang binabayo ng matinding kawalan ng trabaho, nagtataasang presyo, kawalan ng lupa, at kawalan ng serbisyong panlipunan.

Sa gitna ng matinding krisis sa trabaho at kabuhayan, tuluy-tuloy naman ang pagtaas ng presyo ng mga batayang serbisyo at pangunahing bilihin. Resulta ito ng pagpapatuloy ng rehimeng US-Aquino ng mga patakarang neoliberal gaya ng pribatisasyon, deregulasyon, at liberalisasyon na dati nang nagpapahirap sa mamamayan. Sa unang taon ni Aquino, itinaas niya ang presyo ng bigas ng National Food Authority (NFA) mula P25/kilo paakyat sa P27/kilo. Bahagi ito ng matagal nang planong pribatisasyon ng ahensya.

Samantala, dahil sa deregulasyon, tuluy-tuloy ang *oil price hikes* (OPH). Kung ikukumpara ang presyo ng langis nang umupo si Aquino sa presyo nito ngayon, tumaas na ang *pump price* ng diesel at gasolina nang lampas P11/litro habang ang LPG naman ay lumobo nang may P107/11-kilogram na tangke. Gayundin tumaas ang singil sa kuryentedahil sa pribatisasyon at deregulasyon.[v] Sa *toll*, hinayaan ng Malacañang ang may 300% pagtaas ng singil sa South Luzon Expressway (SLEX) sa unang kwarto ng taon dahil ito raw ay nasa kontrata ng gobyerno sa pribado at dayuhang *toll operator*.[vi]

Aprubado na rin ang pagtataas ng pasahe sa LRT at MRT na isa sa mga pangunahing target ng pribatisasyon ng rehimeng US-Aquino.[vii] Naghihintay na lamang ng tyempo ang gobyerno para sa 100% *fare hike.* .[viii] Nais ng gobyerno na magbawas ng subsidy sa transportasyon at ipasa ang responsibilidad sa pagbabayad ng maanomalyang utang ng MRT sa commuter.[ix]

Ang kawalan ng trabaho at tumataas na presyo ay nagresulta sa papatinding kahirapan at gutom sa milyon-milyong mamamayan. Sa sarbey ng SWS nitong unang kwarto ng 2011, 20.5% o 4.1 milyong pamilya ang nakakaranas ng gutom. Gayundin, 51% o 10.4 milyong pamilya ang itinuturing ang kanilang sarili na mahirap.[x] Kumpara sa abereyds noong 2010, lumalala ang insidente ng gutom (na nasa 19.1%) at kahirapan (48%) ayon sa sarbey ng SWS.[xi]

Walang katapusan ang pagdurusa ng mamamayan. Bukod sa kawalan ng trabaho at nagtataasang presyo't bayarin, libu-libong pamilya rin ang apektado ng kaliwa't kanang demolisyon. Sa inisyal na tala ng BAYAN-National Capital Region (NCR), halos 6,000 pamilya sa limang komunidad sa NCR ang sapilitang pinaalis habang may 3,000 tindero ang pinalayas sa kanilang pwesto sa isang taon pa lamang ni Aquino[xii]. Sa mismong pag-aaral ng gobyerno, lampas kalahating milyon na ang maralitang pamilyang nasa Metro Manila na nanganganib mademolis. Pero hanggang ngayon, wala pa ring inilalalabas na moratoryum sa demolisyon ang Palasyo sa kabila ng mga nakaraan na nitong pangako.

Ano ang tugon ni Aquino sa krisis sa ekonomya ?

Inutil ang asenderong si Aquino sa pagtugon sa krisis sa ekonomya at lumalalang kahirapan sa hanay ng mamamayan. Puro "pantawid" o panakip-butas ang kanyang mga programa.

Dahil sya mismo ay mula sa angkan ng mga panginoong maylupa, wala sa adyenda ni Aquino ang tunay na reporma sa lupa na siya sanang mabilis at sustinidong paraan upang maramihan at malawakang makalikha ng kabuhayan para sa milyon-milyong pamilya. Kinukunsinti pa nga ni Aquino ang pagmamaniobra ng kanyang pamilya para mapanatili ang kanilang kontrol sa Hacienda Luisita. Ang kawalan ng lupa bunga ng pyudal na kaayusan ang pangunahing dahilan ng malaganap na kahirapan sa kanayunan.

Hinahayaan ni Aquino ang pagtaas ng mga presyo't bayarin upang makaakit ng mga investor na hangad ay tubo. Kasama na dito ang mga inaakit niyang lumahok sa PPP na siyang sentrong programa sa ekonomya ng administrasyon.

Katunayan, gagarantyahan pa nga ng gobyerno ang tubo ng mga imbestor sa PPP sa pamamagitan ng *regulatory risk guarantee*. Sa ilalim nito, kapag pinigilan ng korte, Kongreso, o anumang *regulatory body* ang gustong singilin ng imbestor, sasagutin ito ng pamahalaan. Dahil napakalaki ng depisito sa badyet (P314.5 bilyon noong 2010), ipangungutang ng pamahalaan ang pantustos nito sa *regulatory risk guarantee*.

Ang mga interesado at makikinabang sa mga PPP ay pawang mga pinaka-malalaking lokal na negosyante at pinaka-mayayamang pamilya katuwang ang mga dayuhan. Kabilang sa kanila ang mga nagpondo sa kampanya ni Aquino gaya nina Danding Cojuangco, Manny Pangilinan, pamilyang Lopez, Ayala, Henry Sy at iba pa. Mahigpit na ang kontrol ng mga grupo at pamilyang ito sa kuryente, langis, toll, tubig, telecommunications, at iba pang istratehikong imprastruktura ng bansa. Sa ilalim ng PPP ni Aquino, lalo pang hihigpit ang kanilang kontrol.

Habang napakagalante nito sa mga negosyo, tinitipid naman ng administrasyong Aquino ang serbisyo sa taumbayan. Sa halip na gastusan ang serbisyong panlipunan, paglikha ng trabaho, at iba pang pangangailangan ng mamamamayan sa panahon ng rumaragasang krisis, nagtipid nang husto ang administrasyong Aquino. Sadyang pinaliit ang gastos ng pamahalaan kaya nagkaroon ng P61 milyon na sarplas sa badyet mula Enero hanggang Abril. [xiii] [xiv] Pero sa pinaliit na gastos, kalakhan ay napunta pa sa pambayad-utang at hindi sa serbisyong panlipunan. Sa Enero at Pebrero pa lamang, P242.31 bilyon ang ipinambayad-utang ng administrasyon o lampas 59% ng kabuuang gastos nito.

Lumaki din ang nakolektang buwis ng gobyerno nang P95 milyon kada buwan mula Enero hanggang Abril dahil sa 12% value-added tax (VAT) na ipinapataw sa mga produkto, pangunahin ang langis. Sa unang dalawang buwan pa lamang ng 2011, lumaki ang koleksyon sa VAT sa langis ng P1.2 bilyon dahil sa pagtaas ng presyo.[xv] Sa madaling sabi, nagkaroon ng sarplas sa badyet dahil pinipiga ng gobyerno ang ordinaryong mamamayan.

Kaya mariin ang pagtutol ni Aquino na tanggalin o kahit man lang suspendihin o bawasan ang VAT sa langis para kahit paano'y maibsan ang epekto ng sunud-sunod na OPH. Hindi raw ito magugustuhan ng mga *creditor* na siyang inaasahan ng gobyerno para sa programang PPP nito.

Tinutulan ni Aquino na kontrolin ang presyo ng mga bilihin kabilang ang pagbasura sa Oil Deregulation Law. Sa halip, itinulak nito ang Pantawid Pasada para sa mga drayber ng dyip at traysikel. Pero sa sobrang liit ng subsidyo (P1,050/buwan/dyip at P150/buwan/traysikel) mabilis itong natabunan ng patuloy na pagtaas ng presyo ng langis. Di lang tsuper kundi milyun-milyong magsasaka, mangingisda, mga kabahayan, maliit na negosyo, at iba pa ang tinatamaan ng OPH. Pinagtatakpan lang ng Pantawid Pasada ang di makatwirang pagtaas ng presyo, pang-aabuso, at super-tubo ng kartel sa langis.

Nasa balangkas din ng pang-aakit sa mga lokal at dayuhang mamumuhunan ang pagtanggi ng administrasyong suportahan ang makabuluhang dagdag-sahod sa pamamagitan ng pagsasabatas nito sa Kongreso. Ipinaubaya ito ni Aquino sa mga *regional wage boards* kasabay ng "pakiusap" sa mga *employer* na magbigay ng umento sa sahod. Sa huli, hindi *wage hike* kundi katiting na P22 *cost of living allowance* (COLA) ang binigay sa mga manggagawa sa NCR – kulang pa pambili ng isang kilong bigas.

Walang pangmatagalang programa si Aquino para sa paglikha ng trabaho't kabuhayan. Meron lang siyang binuhay na Community-Based Employment Program na panahon pa ni Cory. Makakalikha raw ito ng higit isang milyong trabaho na karamiha'y mga *construction projects* ng gobyerno at lahat ay temporaryo. Katulad din ito ng inaasahang trabahong lilikhain ng mga proyektong PPP.

Sa halip na sapat na serbisyong panlipunan, produktibong trabaho, tunay na reporma sa lupa, at makabuluhang sahod, ang tanging iniaalok ni Aquino para mabawasan ang kahirapan at kagutuman sa bansa ay ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Pinupondohan ito ng $870 milyong pautang mula sa World Bank at Asian Development Bank (ADB). Target nitong bigyan ng maksimum na P1,400 na

ayuda kada buwan ang may 2.3 milyong mahihirap na pamilya sa loob ng limang taon. Ngayong 2011, nilaanan ito ng P21.9 bilyon at ayon sa gobyerno'y nasa 1.6 milyong pamilya na ang nabigyan ng P4.1 bilyon hanggang nitong Mayo. Para maging benepisyaryo, kailangang regular na magpatingin sa *health center* kung buntis ang ina at nadadaluhan ng mga bata ang 85% ng araw na dapat silang nasa paaralan.

Pero bukod sa panandalian, napakalaking bilang din ng mga mahirap ang di naman kasama sa programa. Kung 10.4 milyong pamilya ang mahirap ayon sa sarbey ng SWS, ibig sabihin lampas 8 milyong pamilya ang di sakop ng 4Ps. Balewala rin ito kung halos wala namang badyet na inilalaan para sa serbisyong kalusugan, edukasyon, at pabahay. Ginagamit pa nga ang 4Ps para sa kampanyang kontra-insurhensya ng militar at kung gayo'y lalong nababaluktot ang konsepto ng mga programang pangkaunlaran.

Ano ang nangyari sa pagpapanagot kay Arroyo?

Wala ni isang kasong naisampa si Aquino laban kay Gloria Macapagal Arroyo mula 2010. Tanging ang kasong *tax-evasion* laban kay Mikey Arroyo at kaso laban sa ilang mga mas mababang opisyal ang mga naisampa ng administrasyon. Kapansin-pansin din na walang ginagawa ang administrasyon kaugnay sa hustisya para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao ng nagdaang rehimen. Sa katunayan, mga nasa labas ng administrasyong Aquino ang siya pang masugid na nagsampa ng mga kaso laban kay Arroyo. Kabilang dito ang mga kaso kaugnay ng NBN-ZTE, OWWA *funds*, pag-aresto't tortyur sa Morong 43 at pagpatay at pagdukot sa mga kasapi ng United Church of Christ of the Philippines (UCCP).

Habang tumatagal ay nagiging malaki ang posibilidad na hindi na hahabulin ng rehimeng US-Aquino si Arroyo. Habang lumalaon ay nagkakaroon ng dahilan para makipagkompromiso ang kasalukuyang administrasyon sa nagdaang rehimen.

Nagiging usapin ngayon ang pagtatalaga ni Aquino ng kanyang "kaklase, kabarkada at kabarilan" *(shooting buddies)* sa mga pwesto sa pamahalaan. Lalong tumampok ito nang naging mahirap na pagbitiwin o sibakin sa pwesto ang mga kaklase't kaibigan na pumapalpak sa trabaho. Pinabubulaanan nito ang ipinagmamalaking "tuwid na daan" ni Aquino.

Ano na ang ginawa ni Aquino para sa karapatang pantao at kapayapaan?

Nagpatuloy ang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Sa panahon ni Aquino, umabot na sa 45 ang bilang ng mga *extrajudicial killings* at 5 naman ang biktima ng sapilitang pagkawala. Bagama't napalaya ang karamihan sa Morong 43 noong Disyembre 2010, nananatiling may mahigit 300 bilanggong pulitikal sa ilalim ng rehimeng Aquino. Kabilang dito ang 17 konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan. Nandiyan pa rin ang pagsampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga kritiko ng rehimen. Hindi pa rin nananagot ang mga lumabag sa karapatang pantao tulad ni Gen. Jovito Palparan.

Ang ipinagmamalaking Oplan Bayanihan ng rehimeng Aquino ay halos walang pinagkaiba sa madugong Oplan Bantay Laya ng nagdaang rehimen. Ang kaibahan lang ay higit na gagamit ng panlilinlang ang Bayanihan sa pamamagitan ng mga nagkukunwaring programang pangkaunlaran. Sa katunayan, nagpapatuloy ang militarisasyon sa kanayunan at ang dislokasyon ng mga komunidad dahil sa mga mapinsalang proyektong "pangkaunlaran" at pagpasok ng mga dayuhang pagmimina.

Hindi pa rin ganap na umuusad ang usapang pangkapayapaan dahil hindi seryoso ang rehimen na tugunan ang mga ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Kasama sa adyenda ng usapang pangkapayapaan ang karapatang pantao at ang repormang sosyo-ekonomiko. Tila umaasa ang rehimen na susuko na lang basta ang rebolusyonaryong pwersa nang hindi natutugunan ang problema ng kawalan ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Ano ang ginagawa ni Aquino sa usapin ng patakarang panlabas?

Tulad ng mga sinundan nitong pamahalaan, hindi maitatago ni Aquino ang pagkapapet nito sa dayuhan. Nakaasa ito sa dayuhang puhunan, dayuhang pautang, at dayuhang ayudang militar lalo na mula sa US.

Bagama't nangako si Aquino na rerepasuhin ang Visiting Forces Agreement (VFA) sa US, hanggang ngayon ay wala pang inilalabas na resulta ito. Hindi rin pinaalis ni Aquino ang mga *overstaying* na tropang Kano sa Mindanao. Hangad ni Aquino na ipagpatuloy ang makaisang-panig na VFA, lalo pa't ngayon ay may iringan ang Pilipinas sa China.

Sa halip na independyenteng tutulan ang panghihimasok ng China sa Spratlys, naging desperado si Aquino na kunin ang suporta ng US. Ginagamit naman ngayon ng US ang "banta" ng China sa Spratlys para palaparin pa ang papel nito sa panghihimasok sa rehiyon, at lalong bigyang katwiran ang pananatili ng VFA. Hindi interes ng Pilipinas ang dala ng US. May sarili itong adyenda sa pagpasok sa usapin ng Spratlys. Sa ganitong sitwasyon ay ginagamit lang ng US and Pilipinas para sa imperyalistang adyenda nito.Dapat tutulan ang ginagawang *'incursion'* ng China sa mga *disputed area* gayundin ang pagresolba dito sa pamamagitanng pwersang militar. Dapat iresolba ang usapin sa Spratlys sa pamamagitan ng diplomasya at mapayapang paraan sa pagitan ng iba't ibang *claimants* nang hindi nakikialam ang US.

Ilantad at labanan ang papet, pahirap at inutil na rehimeng US-Aquino

Walang makabuluhang nagbago matapos ang isang taong nakaupo si Aquino. Sa halip, mas naging malala pa ang sitwasyon sa ekonomya at pulitika dahil sa pagiging papet, pahirap at inutil ng rehimen.

Umasa tayo hindi sa mga pangakong napapako o retorikang mababaw, kundi sa sariling lakas ng mamamayan. Ilantad natin ang mga mapanlinlang at kontra-mamamayang programa't patakaran ng rehimen. Puspusang isulong natin ang pambansa at demokratikong interes ng mamamayan. Ang taumbayan, hindi ang inutil na rehimen, ang magtutulak ng totoong pagbabago. Nasa sama-samang pagkilos, sa mga mahahalagang pakikibakang masa para sa lupa, sahod, trabaho, karapatan at kasarinlan magkakaroon ng kagyat na tugon ang mga problema ng mamamayan.

Nasa pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya makakamit ang makabuluhang pagbabago. Kailangang wakasan ang imperyalistang paghahari sa bansa, ang pyudal na pagsasamantala at ang burukrata kapitalistang pandarambong. ###

Mga tala at pinaghalawan

---

[i] Datos mula sa National Statistical Coordination Board (NSCB)

[ii] Datos mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP): eksport (http://www.bsp.gov.ph/statistics/sdds/boprevs/bop99-10.htm) at dayuhang pamumuhunan (http://www.bsp.gov.ph/statistics/spei_new/tab21.htm)

[iii] Batay sa datos ng BSP (http://www.bles.dole.gov.ph/PUBLICATIONS/2010%20YLS/chap16.html)

[iv] Social Weather Stations (SWS), "First quarter 2011 Social Weather Survey: Adult unemployment rose to 27.2%; 9% lost their jobs involuntarily, 10% resigned," May 25, 2011 (Unang iniulat sa BusinessWorld noong May 23, 2011), http://www.sws.org.ph/

[v] Batay sa datos ng DOE, ang *common price* kada litro sa Metro Manila noong Hunyo 29, 2010 ay: diesel, P34.25; gasolina, P44; at LPG, P614 kada 11-kg tangke. Nitong Hunyo 14, 2011, ang *common price* ay: diesel, P45.70; gasoline, P55.40; at LPG, P721. Batay naman sa tala ng ERC, ang aprubadong *distribution charge* ng MERALCO noong Marso 2010 ay P1.4917/kWh at nitong Enero 2011 ay P1.6464. Samantala, ang aprubadong *effective rate* ng NAPOCOR para sa Luzon *grid* noong Hunyo 2010 ay P4.3431 at nitong Mayo 2011 ay P4.6735. Sa toll, itinaas ng South Luzon Tollways Corp. (SLTC) ang singil para sa mga pribadong sasakyan mula P22 paakyat sa P86; pampublikong sasakyan, mula P43 paakyat sa P172; at mga trak, mula P65 paakyat sa P258.

[vi] Jam L. Sisante and Kimberly Jane Tan, "Palace: SLEx, NLEx toll hikes here to stay for now," *GMANews.TV*, January 5, 2011, http://www.gmanews.tv/story/209841/palace-slex-nlex-toll-hikes-here-to-stay-for-now

[vii] Alvin Elchico, "LTFRB OKs LRT, MRT fare hikes," *abs-cbnNEWS.com*, May 11, 2011, http://www.abs-cbnnews.com/business/05/10/11/ltfrb-oks-lrt-mrt-fare-hikes

[viii] Ang maksimum na bagong pasahe *(single-journey)* sa LRT 1 ay P30; LRT 2, P25; at MRT, P25. Sa kasalukuyan, ang maksimum na pasahe sa LRT 1 ay P20; LRT 2, P15; at MRT, P15.

[ix] Christine O. Avendaño, "LRT, MRT fare hikes for 'the good of the people' – Aquino," *Philippine Daily Inquirer*, January 19, 2011, http://newsinfo.inquirer.net/breakingnews/metro/view/20110119-315375/LRT-MRT-fare-hikes-for-the-good-of-the-peopleAquino

[x] Social Weather Stations (SWS), "First Quarter 2011 Social Weather Survey: Hunger rises to 20.5% of families; 51% rate themselves as *mahirap* or poor," April 11, 2011 (first reported in *BusinessWorld*, April 8, 2011)

[xi] 1985 nang unang magsarbey tungkol sa kahirapan ang SWS at 1998 naman sa usapin ng kagutuman

[xii] Kabilang dito ang mga sumusunod: Corazon de Jesus, San Juan (297 pamilya); Dypac, Manila (27 pamilya); Estero de Paco, Manila (200 pamilya); Cipac Almacen, Brgy. Davila (5,000 pamilya); at Kadiwa, San Roque, Quezon City (466). May 3,000 tindero naman ang pinalayas sa Culiat.

[xiii] Sa datos ng BTr, sa unang apat na buwan ng 2011, gumastos lamang ng P461.35 bilyon ang gobyerno kumpara sa nakaprograma nitong paggastos na P838.55 bilyon sa unang anim na buwan. Samantala, nakakolekta ang pamahalaan ng P461.41 bilyon sa unang apat na buwan ng taon habang ang inaasahan nitong kuleksyon sa unang anim na buwan ay P686.42 bilyon.

[xiv] Bureau of the Treasury (BTr), "National government achieves fiscal surplus in January to April at P61 million: April surplus reached P26.258 billion," May 23, 2011, http://www.dof.gov.ph/wp-content/uploads/2011/06/Fiscal_Report_0411.pdf

[xv] Ronnel Domingo, "Gov't gains P1.2B from high oil prices: 2-month windfall to finance subsidy program," *Philippine Daily Inquirer*, April 13, 2011, http://business.inquirer.net/money/topstories/view/20110413-330983/Govt-gains-P12B-from-high-oil-prices